# Saan Kaya Kabilang?



**Mga Letra: a, b, c, d, e, f, g, h, i, j, k, l, m, n, ng, o, p, q, r, s, t, u, v, w, x, y, z ( - )**


Isinulat ni Marian A. Ballesteros
Iginuhit ni Ruben D. Quibral
Sinuri nina Cristina B. Leaño, Marife S. Maderazo, Marimyn Olga C. Magistrado, Wilma M. Ojeda, at Nelia A. Urban



Masdan ang bakuran.
Iba't ibang uri ng basura
ang matatagpuan.
Hindi kaaya-ayang tignan.




Nabubulok at hindi nabubulok ang mga ito. Mayroon din namang mga basura na maaaring mapakinabangan pa.



Lata at metal ang grupo ng hindi nabubulok na basura. Kabilang dito ang plastik, boteng nababasag, at iba pa.

| Mga basurang maari pang gamitin | Mga basurang hindi na magagamit muli | Mga basurang masama sa kalusugan |
|---|---|---|
|  |  |  |

Ang hindi nabubulok ay may tatlong grupo. Una ay ang mga basurang maari pang gamitin. Ikalawa ay ang mga hindi na magagamit muli. Ikatlo ay ang mga basurang masama sa kalusugan.



Ang mga plastik at bote ay maaari pang gamitin. Kapag ating inayos, may pakinabang pang muli.




Ito ang ikalawang grupo.
Ito ay mga basurang hindi na magagamit pang muli.




Halimbawa nito ang mga basag na kagamitan. Kauri nito ang mga sirang orasan, sapatos, at tsinelas. Kasama rin dito ang upos ng sigarilyo.




Ito naman ang grupo ng basurang nakasasama sa kalusugan. Nakamamatay ang ganitong mga bagay kapag napabayaan. Dapat itong maitapon sa tamang lalagyan.




Baterya, bombilya, at hiringgilya o panturok ang mga halimbawa nito. Kasama ang mga lata ng kemikal at lata ng pintura. Maging ang mga lalagyang pampatay sa mga insekto.




Kailangang pagsama-samahin ang mga basurang magkakagrupo. Gawin natin ito upang maging maganda at ligtas ang lahat.



Masarap mabuhay sa malinis na kapaligiran. Tara na at simulan ang paglilinis ng bakuran. Kayang-kaya natin iyan!

## Mga Tanong at Gawain

1. Ano ang pamagat ng iyong binasa?

2. Ano ang makikitang nakakalat sa bakuran?

3. Ilan ang grupo ng mga basurang hindi nabubulok?

4. Isulat sa patlang ang **T** kung tama ang pangungusap at **M** kung mali.
   ___ May matagal at hindi natutunaw na mga basurang hindi nabubulok.
   ___ Nakagaganda ng paligid ang mga basura.
   ___ Maaari pang gamitin ang basurang papel at boteng plastik.

5. Kung marami ang boteng plastik sa inyong bahay na hindi na ginagamit, paano mo ito gagamiting muli? Ipaliwanag kung paano ito gawin.

6. Ano-ano pa ang maaaring gawin sa mga basura tulad ng lata ng pintura at plastik na bote? Paano?

7. Ano kaya ang mangyayari kung sakaling mapuno ng basura ang bakuran ng inyong bahay? Bakit?

8. Ipaliwanag kung paano ka makatutulong sa pagpapanatili ng kalinisan ng inyong bakuran.